

Sangay ng Salin (SS)

Deskripsiyon ng mga Sangay

Kabilang, ngunit hindi limitado, sa sangay na ito ang pag-aaral ng mga teorya at praktika tungo sa pagsasalin sa Filipino at mga wika ng Filipinas, na inaasahang ultimong bunga ay makabuo ng mahuhusay na salin sa Filipino at ibang katutubong wika. Tungkulin ng SS ang paglalathala ng mga akdang salin, bukod sa paglilimbag ng mga babasahing nagmula sa iba pang kabalikat na sangay. Daraan sa SS ang lahat ng manuskritong nakatakhang ipalimbag, at susuriin nito ang mga akdang Filipino sa tulong ng Lupon ng mga Editor kung karapat-dapat mapabilang sa listahan ng ilalathalang akda ang isang manuskrito. Tutulong ang SS sa Kalupunan ng mga Komisyoner sa pagbuo ng mga patakaran sa pagsasalin at sa pagbuo ng isang "Kawanihan sa Pagsasalin." Kung ipahihintulot ng pondo, magsasagawa din ito ng kaukulang pagsasalin tungo sa mga banyagang wika at ng mga importanteng banyagang akda tungo sa wikang Filipino.

Mga Proyekto ng Sangay

Salin

Serbisyo ng Sangay ng Salin (frontline service)

Bukás ang tanggapan ng Sangay ng Salin sa mga nais na kumuha ng kanilang serbisyo. Gayundin, nakikipag-ugnayan ang Sangay ng Salin sa mga ahensiya ng pamahalaan para sa mga proyektong pagsasalin ng mga polyeto, brochure, at mga babasahin sa wikang Filipino at mga wika sa Filipinas.

Programang Palítang Salin (Translation Exchange Program)

Bagong proyekto ng KWF na pakikipagtulungan sa embahada ng mga bansa upang maisalin sa Filipino ang ipinagmamalaking panitikan ng ibang bansa. Gayundin, layunin ng programang ito na maipakilala ang mahuhusay na panitikang maihahandog ng Filipinas upang maisalin sa iba't ibang wika.

Salin Na!

Pambansang timpalak sa pagsasalin ng mahahalagang dokumentong pangwika, tekstong pampanitikan, pangkultura, at/o pangkasaysayan sa wikang Filipino upang mabása at mapag-aralan ng mas nakararaming Filipino.

Registry ng mga Tagasalin

Talaan ng mga tagasalin (indibidwal man o organisasyon) upang makabuo ng network ng mga tagasalin at magkaroon ng panimulang listahan para sa “hukbo ng tagasalin” na bahagi ng binubuong Kawanihan sa Pagsasalin (Bureau of Translation)

Iispel Mo!

Pambansang timpalak sa ispelang sa wikang Filipino na idinadaos taunan. Ang mga kalahok na mula sa iba't ibang bahagi ng bansa ay nasa ikaanim na batang sa mababang paaralan. Katuwang ng KWF ang Kagawaran ng Edukasyon sa proyektong ito.

Sertipikong Programa sa Pagsasalin

Pambansang pagsasanay hinggil sa pagsasalin para sa mga Filipinong nais magkaroon ng kapasidad na magsalin sa Filipino at sa ibang mga wika sa Filipinas. Mahalagang hakbang ang pagsasanay na ito para sa propesyonalisasyon ng pagsasalin sa Filipinas.

Kontak number ng sangay

(632) 243-9789